



**Kagawaran ng Katarungan ng
Estados Unidos**

Dibisyon ng Karapatang Sibil

**Pagtiyak na Maaaring Makabuluhan at Patas na Makalalahok ang Mga
Estudyanteng Natututo ng Ingles sa mga Programang Pang-edukasyon**



**Kagawaran ng Edukasyon ng
Estados Unidos**

Opisina para sa Karapatang Sibil

Binubuo ng mga estudyanteng natututo ng Ingles (EL) ang siyam na porsiyento ng lahat ng estudyante ng pampublikong paaralan at naka-enroll sa halos tatlo sa bawat apat na mga pampublikong paaralan. Sa bisa ng Titulo VI ng Civil Rights Act ng 1964 (Titulo VI) at sa Equal Educational Opportunities Act ng 1974 (EEOA), dapat tiyakin ng mga pampublikong paaralan na ang mga estudyanteng EL ay maaaring makabuluhan at patas na makalalahok sa mga programang pang-edukasyon.

Nagpalabas ang Kagawaran ng Edukasyon (ED) ng Estados Unidos at Kagawaran ng Katarungan (DOJ) ng Estados Unidos ng pinagsamang gabay upang paalalahanan ang mga ahensiya ng edukasyon ng estado (SEA), mga distrito ng pampublikong paaralan, at mga pampublikong paaralan ng kanilang legal na obligasyong tiyakin na maaaring makabuluhan at patas na makalalahok ang mga estudyanteng EL sa mga programang pang-edukasyon.

Binibigay ng fact sheet na ito ang buod ng pinagsamang gabay, ngunit hindi komprehensibong tinatalakay ang lahat ng paksa sa paggabay. Habang nakatuon ang fact sheet na ito sa mga pananagutan ng mga distrito ng paaralan, nililinaw ng gabay na mayroon ding legal na obligasyon ang mga SEA sa mga estudyanteng EL at sa mga magulang na LEP. Makukuha ang gabay sa:

<http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/ellresources.html>.

Pagtukoy at Pagtasa sa Lahat ng Posibleng Estudyanteng EL

- Dapat may mga pamamaraan ang mga distrito ng paaralan upang matukoy nang wasto at napapanahon ang mga posibleng estudyanteng EL. Karamihan ng mga distrito ng paaralan ay gumagamit ng survey sa panahon ng pag-enroll upang makatipon ng impormasyon tungkol sa pinagmulang wika ng isang estudyante na ang pangunahin o wika sa tahanan ay ibang wika bukod sa Ingles.
- Pagkatapos ay dapat tukuyin ng mga distrito ng paaralan kung ang mga posibleng estudyanteng EL ay tunay na mga estudyanteng EL nga sa pamamagitan ng balido at maaasahang pagsusuri na tumatasa sa kahusayan sa wikang Ingles sa pagsasalita, pakikinig, pagbabasa at pagsusulat.



Kagawaran ng Katarungan ng
Estados Unidos
Dibisyon ng Karapatang Sibil



Kagawaran ng Edukasyon ng
Estados Unidos
Opisina para sa Karapatang Sibil

Pagbibigay ng Tulong sa Wika sa mga Estudyanteng EL

- Ang mga estudyanteng EL ay may karapatan sa mga naaangkop na serbisyong tulong sa wika upang maging mahusay sa Ingles at patas na makalahok sa pamantayang programa sa pagtuturo sa loob ng isang makatuwirang haba ng panahon.
- Maaaring pumili ang mga distrito ng paaralan sa mga programang dinisenyo para turuan ang mga estudyanteng EL habang mahusay ang pagtuturo ng programa at mabisa sa praktikal na paggamit.

Pagkuha ng Kawani at Pagsuporta sa isang Programang EL

- Ang mga estudyanteng EL ay may karapatan sa mga programang EL na may sapat na mapagkukunan upang tiyakin na mabisang naipatutupad ang mga programa, kabilang na ang mga guro na mataas ang kwalipikasyon, karagdagang kawani, at naaangkop na mga materyales sa pagtuturo.
- Dapat may mga kwalipikadong guro sa EL, kawani, at mga tagapangasiwa upang mabisang maipatupad ang kanilang programang EL, at dapat magbigay ng karagdagang pagsasanay kapag kinakailangan.

Pagbibigay ng Makabuluhang Paraan ng Paggamit at Paglahok sa Lahat ng Curricular at Extracurricular na Programa

- Ang mga estudyanteng EL ay dapat na may paraan na makita at magamit ang kanilang mga kurikulum ng antas ng grado upang matugunan nila ang mga kinakailangan para sa promosyon at pagtatapos.
- Ang mga estudyanteng EL ay may karapatan sa pantay na pagkakataon na makalahok sa lahat ng programa, kabilang na ang pre-kindergarten, magnet, gifted at may talento, pangkarera at teknikal na edukasyon, sining, at mga programang pang-atletika; mga kursong Advanced Placement (AP) at International Baccalaureate (IB); mga club; at mga honor society.

Pag-iwas sa Hindi Kinakailangang Paghihiwalay sa mga Estudyanteng EL

- Hindi maaaring ihiwalay ng mga distrito ng paaralan ang mga estudyante batay sa pinagmulang bansa o kalagayang EL. Bagaman dinisenyo ang ilang programang EL na hingin sa mga estudyanteng EL na tumanggap ng hiwalay na pagtuturo sa limitadong bahagi ng araw o haba ng panahon, inaasahan na ang mga distrito ng paaralan at estado na ipatupad ang mga napili nilang programa sa pinaka-hindi mapangbukod na paraan alinsunod sa mga dineklarang mithiing pang-edukasyon ng programa.



**Kagawaran ng Katarungan ng
Estados Unidos**
Dibisyon ng Karapatang Sibil



**Kagawaran ng Edukasyon ng
Estados Unidos**
Opisina para sa Karapatang Sibil

Pagsusuri sa mga Estudyanteng EL para sa Espesyal na Edukasyon at Pagbibigay ng mga Dobleng Serbisyo

- Ang mga estudyanteng natututo ng Ingles na may kapansanan ay dapat mabigyan ng parehong tulong sa wika at ng mga serbisyong may kinalaman sa kapansanan na karapat-dapat nilang matanggap ayon sa batas Pederal.
- Ang mga estudyanteng EL na may kapansanan, gaya ng lahat ng iba pang estudyanteng may kapansanan at maaaring nangangailangan ng mga serbisyo sa bisa ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) o Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973, ay dapat matunton, matukoy at masuri para sa espesyal na edukasyon at mga serbisyong may kinalaman sa kapansanan sa napapanahong paraan.
- Para makaiwas sa di-naaangkop na pagtukoy sa mga estudyanteng EL bilang mga estudyanteng may kapansanan dahil sa kanilang limitadong kahusayan sa Ingles, ang mga estudyanteng EL ay dapat suriin sa naaangkop na wika batay sa kanyang pangangailangan at kakayahan sa wika.
- Para matiyak na ang pang-indibidwal na plano para sa pagbibigay ng espesyal na edukasyon o mga serbisyong may kinalaman sa kapansanan ay natutugunan ang mga pangangailangan sa wika ng estudyanteng EL na may kapansanan, importanteng isama ng pangkat na nagdidisenyo ng plano ang mga kalahok na nakakaalam tungkol sa mga pangangailangan sa wika ng estudyanteng iyon.

Pagtugon sa Mga Pangangailangan ng Estudyanteng Umayaw sa mga Programang EL o Mga Partikular na Serbisyo

- Ang lahat ng estudyanteng EL ay may karapatan sa mga serbisyo. Gayunpaman, maaaring piliin ng mga magulang na umayaw na isama ang mga anak nila sa programang EL ng distrito ng paaralan o sa isang partikular na serbisyong EL na napapaloob sa isang programang EL.
- Hindi maaaring irekomenda ng mga distrito ng paaralan na umayaw ang mga magulang para sa anumang dahilan. Ang mga magulang ay may karapatan sa gabay sa isang wikang nauunawaan nila tungkol sa mga karapatan ng anak nila, sa dami ng mga serbisyong EL na maaaring matanggap ng anak nila, at sa mga benepisyo ng mga naturang serbisyo. Dapat naaangkop na idokumento ng mga distrito ng paaralan na ang magulang ay kusang-loob, at may-pabatid na piniling umayaw na isama ang anak nila.



**Kagawaran ng Katarungan ng
Estados Unidos**

Dibisyon ng Karapatang Sibil



**Kagawaran ng Edukasyon ng
Estados Unidos**

Opisina para sa Karapatang Sibil

- Dapat pa rin gumawa ng mga hakbang ang distrito ng paaralan na magbigay sa mga estudyanteng umayaw ng access sa kanilang mga programag pang-edukasyon, manmanan ang kanilang progreso, at muling mag-alok ng mga serbisyong EL kung nahihirapan ang estudyante.

Pagmanman at Paglabas ng Mga Estudyanteng EL mula sa Mga Programa at Serbisyong EL

- Dapat manmanan ng mga distrito ng paaralan ang progreso ng lahat ng estudyanteng EL upang matiyak na nakakamit nila ang kahusayan sa wikang Ingles at nakatatanggap ng kaalaman sa nilalaman sa loob ng isang makatuwirang haba ng panahon. Dapat taunang magpatupad ang mga distrito ng balido at maaasahang pagtatasa sa kahusayan sa wikang Ingles (ELP), sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig at pagsasalita, na nakahanay sa mga pamantayan sa ELP ng Estado.
- Ang isang estudyanteng EL ay hindi dapat palabasin mula sa mga programa, serbisyo, o kalagayan na EL hanggang sa magpamalas siya ng kahusayan sa Ingles sa isang pagtatasa ng ELP sa pagsasalita, pakikinig, pagbabasa at pagsusulat.
- Dapat manmanan ng mga distrito ng paaralan ang pang-akademikong pagpapatuloy ng mga dating estudyanteng EL nang hindi iikli ng dalawang taon upang matiyak na hindi napalabas nang maaga ang mga estudyante; naremedyuhan na ang kanilang mga kakulangang akademiko na dulot ng programang EL; at makabuluhan silang nakikilahok sa mga programang pang-edukasyon ng distrito na maihahambing sa mga kasamahan nila na hindi kailanman naging mga estudyanteng EL (never-EL peers).

Pagsusuri sa Bisa ng isang Programang EL ng Distrito

- Dapat na makatuwirang nakatasa ang mga programang EL upang bigyang-kakayahan ang mga estudyanteng EL na makakamit ng kahusayan sa Ingles at makabuluhang paglahok sa pamantayang programang pang-edukasyon na maihahambing sa kanilang mga kasamahang hindi kailanman naging EL.
- Dapat manmanan at paghambing ng mga distrito ng paaralan, sa katagalan, ang akademikong pagganap ng mga estudyanteng EL sa programa at yung mga lumabas mula sa programa, kaugnay sa kanilang mga kasamahang hindi kailanman naging EL.
- Dapat suriin ng mga distrito ng paaralan ang mga programang EL sa katagalan gamit ang mga tumpak na datos upang tasahan ang pang-edukasyon na pagganap ng mga kasalukuyan at dating estudyanteng EL sa isang komprehensibo at maaasahang



**Kagawaran ng Katarungan ng
Estados Unidos**

Dibisyon ng Karapatang Sibil

paraan, at dapat na baguhin sa tamang panahon ang kani-kanilang mga programa kapag kinakailangan.



**Kagawaran ng Edukasyon ng
Estados Unidos**

Opisina para sa Karapatang Sibil

**Pagtiyak sa Makabuluhang Komunikasyon sa Mga Magulang na Limitado sa
Kahusayan sa Ingles**

- Ang mga magulang na LEP ay may karapatan sa makabuluhang komunikasyon sa isang wikang nauunawaan nila, gaya ng mga nakasalin na materyales o isang taga-interpret ng wika, at sapat na abiso ng impormasyon tungkol sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad na ipinararating sa kaalaman ng mga magulang na hindi LEP.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatang sibil ng mga magulang at tagapangalaga na LEP at mga partikular na obligasyon ng mga distrito sa mga estudyanteng EL, bumisita sa <http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/dcl-factsheet-lep-parents-201501-tagalog.pdf>.

* * * * *

Kung mayroon kayong anumang tanong, nais ninyo ng karagdagang impormasyon, o naniniwala kayong nilalabag ng paaralan ang batas pederal:

- Maaari kayong bumisita sa website ng Opisina para sa Karapatang Sibil (OCR) ng ED sa www.ed.gov/ocr o makipag-ugnayan sa OCR sa numerong (800) 421-3481 (TDD: 800-877-8339) o sa ocr@ed.gov. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghain ng reklamo, bumisita sa <http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/howto-tagalog.pdf>.
- Maaari kayong bumisita sa Dibisyon ng Karapatang Sibil ng DOJ, Seksyon ng Mga Pagkakataong Pang-edukasyon, ang website sa www.justice.gov/crt/about/edu/ o makipag-ugnayan sa DOJ (877) 292-3804 o education@usdoj.gov. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghain ng reklamo, bumisita sa www.justice.gov/crt/complaint/#three.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga obligasyon ng mga distrito ng paaralan sa mga estudyanteng natututo ng Ingles at sa mga magulang na limitado sa kahusayan sa Ingles, ang karagdagang gabay ng OCR ay makukuha sa <http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/ellresources.html>.